



...Ipasa ang impormasyon

Mga Scam ng Tech Support

Makakakuha ka ng tawag mula sa isang taong magsasabing siya ay isang teknisyano sa computer. Maaari niyang sabihin siya ay mula sa isang kilalang kumpanyang kagaya ng Microsoft, o maaaring iyong internet service provider. Sasabihin niya sa iyong may mga virus o iba pang malware sa iyong computer. Sasabihin niyang kakailanganin mong bigyan siya ng remote access sa iyong computer o bumili ng bagong software upang ayusin ito.

Ngunit totoo ba ang pagpapakilala ng caller sa sarili niya? Batay sa mga reklamo sa Pederal na Komisyon ng Kalakal (Federal Trade Commission), hindi. Maaaring gusto ng mga scammer na ito na bentahan ka ng mga walang silbing serbisyo, nakawin ang numero ng iyong credit card, o makakuha ng access sa iyong computer upang mag-install ng malware na magpapahintulot sa kanilang makita ang lahat ng nasa iyong computer.

Narito ang maaari mong gawin:

1. **Ibaba ang telepono.** Huwag na huwag ibibigay ang kontrol sa iyong computer o impormasyon ng iyong credit card sa isang taong biglang tatawag sa iyo
2. **Ipasa ang impormasyong ito sa isang kaibigan.** Maaaring alam mong peke ang mga tawag na ito, ngunit maaaring hindi alam ng isang taong kilala mo.

Gustong madagdagan pa ang kaalaman?

Mag-sign up para sa mga Alert para sa Mamimili ng FTC (FTC Consumer Alerts) sa [FTA.gov/subscribe](https://www.fta.gov/subscribe).

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa mga Scam ng Tech Support

I-download at i-print

[Artikulo sa mga Scam ng Tech Support](#)

[Bookmark sa mga Scam ng Tech Support](#)

[PowerPoint sa mga Scam ng Tech Support](#)

[TIGNAN ANG MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON](#)



FEDERAL TRADE COMMISSION

PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

Kampanya: [Ipasa ang Impormasyon](#)

Ipasa ang impormasyon! Ibahagi ito sa isang kaibigan.

Mangyaring Iulat ang mga Scam

Kung nakakita ka ng isang scam, mangyaring iulat ito sa Pederal na Komisyon ng Kalakal (Federal Trade Commission).

Online

MAG-FILE NG ULAT

Tumawag sa

**1-877-FTC-HELP
(1-877-382-4357)**

TTY

1-866-653-4261

Makakatulong ang iyong reklamo na protektahan ang ibang tao. Sa pamamagitan ng pag-file ng reklamo, matutulungan mo ang mga imbestigador ng FTC na tukuyin ang mga scammer at pigilan sila bago nila makuha ang perang pinaghirapan ng isang tao. Malaki talaga ang kaibhang nagagawa nito.